


Arts

Ikaapat na Markahan – Modyul 6: Kabuhayan Mula sa Sining: Paggawa ng *Paper Beads*



**Arts – Ikalimang Baitang
Alternative Delivery Mode**

**Ikaapat na Markahan – Modyul 6: Kabuhayan Mula sa Sining: Paggawa ng Paper Beads
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa aklat na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa aklat na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Roel G. Cala, Rizalene A. Montuya

Editors: Rizalene Montuya, Vergita M. Ibañez, Eden Lynne V. Lopez

Tagasuri: Shirley L. Godoy, Jo-Ann Cerna-Rapada, Jose Aldrin F. Avellana

Tagaguhit: Christian Jay Arne O. Galenzoga

Tagalapat: Eden Lynne V. Lopez, Salvador B. Belen Jr.

Tagapamahala: Ma. Gemma M. Ledesma

Bebiano I. Sentillas

Rosemarie M. Guino

Joy B. Bihag

Ryan R. Tiu

Nova P. Jorge

Raul D. Agban

Lorelei B. Masias

David E. Hermano, Jr.

Shirley L. Godoy

Eva D. Divino

Jo-Ann Cerna-Rapada

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region VIII

Office Address: Government Center, Candahug, Palo, Leyte

Telefax: (053) 832-2997

E-mail Address: region8@deped.gov.ph

5

Arts

**Ikaapat na Markahan – Modyul 6:
Kabuhayan Mula sa Sining:
Paggawa ng Paper Beads**

Paunang Salita

Ang *Self-Learning Module* o *SLM* na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang *SLM* na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng *SLM* na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Likas sa ating mga Pilipino ang mahilig magpapalamuti sa katawan na nauugnay sa panahon o selebrasyon. Ang mga ito ay isang pagpapatunay sa kagalingan at kalinangan sa sining ng mga katutubong Pilipino.

Kaya sa araling ito, susubukan nating gumawa ng kuwintas at pulseras na gawa sa paper beads. Ang gawaing ito ay maaari mong pagkakitaan o gamitin kung may mahalagang okasyon kang dadaluhan. Upang maipakita mo rin ang pagmamahal mo sa ating kapaligiran, gumamit ka ng materyales na *recycled* o mga lumang papel at magasin.

Sa aral ing ito, tayo ay makagagawa ng disenyo para sa 3-dimensiyong sining tulad ng paper beads at *papier-mache* (A5PR-IV-f 6.3) at inaaasahang makamit ang mga sumusunod:

- a. Nasunod-sunod ang mga wastong hakbang sa paggawa ng pulseras at kuwintas na yari sa paper beads.
- b. Nakagagawa ng disenyo para sa 3-dimensiyong sining tulad ng paper beads.
- c. Naipagmamalaki ang mga likhang-sining na maaring gamiting pangkabuhayan.



Subukin

A. Panuto: Buuin ang sumusunod na salita batay sa mga *scrambled letters* na nasa sa ibaba.

1. PERAP FACTRS _____

2. PERAP DSBAE _____

3. ELCRYECD _____

4. MTIUPLAA _____


5. KTENKI _____

Aralin

1

Kabuhayang Mula sa Sining: Paggawa ng Paper Beads

Ang paggawa ng mga paper beads ay isang mabisang paraan upang mapakinabangang muli ang mga lumang diyaryo, magasin at makukulay na papel. Maaari itong gawing palamuti o dekorasyon sa ating tahanan at higit sa lahat, ito ay mapagkakakitaan.




Balikan

Mayroong iba't-ibang technique sa paggawa ng paper beads. Sa paggawa nito kailangang mayroon kang mga lumang diyaryo, makukulay na papel o magazine upang makagawa ka ng mas magandang mga disenyo. Ito ay kailangan mong gupitin at pagkatapos ay irolyo upang makagawa ng beads. Upang makagawa ng magagandang beads kailangan mo ng iba't-ibang techniques sa paggupit ng papel.

Halimbawa:

1. Cone Shape



("I Love Paper Beads" n.d.)

Sa paggawa nito, mainam na isaalang-alang ang Principles of Art upang mas mapaganda ang proyekto gaya ng Balance, Unity, Variety, Emphasis, Movement, Pattern at Movement.

Panuto: Tingnan ang larawan, anong materyales ang ginawang pulseras?



Tuklasin

Panuto: Basahing mabuti ang Tula at sagutin ang mga tanong sa ibaba. Isulat ang sagot sa patlang.

Malikhaing Kaisipan, Kalinisan ng Kapaligiran

Roel G. Cala

Ako ay isang mag-aaral
Tumutulong sa paglilinis sa paaralan,
pamayanan at sa kapaligiran.

Sa mura kong isipan
Ako ay marami ng natututuhan
Sa bahay man at sa paaralan.

Iipunin ko ang mga lumang papel at magasin
Upang hindi na magkalat
Kapaligiran ay linisin.

Ngayon ako'y mag-iisip
Ng isang gawaing kapakipakinabang
Upang ang mga lumang papel ay muling gagamitin.

Mga Tanong:

1. Ano ang pagkakatulad sa paggawa/pagsasaayos ng isang tula at paggawa/pagsasaayos ng isang recycled paper craft?

2. Paano makakatulong sa kalikasan ang paggawa ng isang recycled art mula sa lumang papel?



Suriin

Ang paggawa ng paper crafts ay isang mainam na libangan. Ito ay madaling gawin sapagkat ang mga kagamitan sa paggawa nito ay makikita lamang sa loob ng inyong bahay. Maaring gamitin ang mga lumang papel, diyaryo, lumang magazine at iba pang makukulay na papel na hindi na gagamitin.

Maraming mga bagay ang magagawa mula sa mga lumang papel.

Halimbawa:

- Kuwintas
- Pulseras
- Bag
- Wallet/Purse
- Container
- Lanterns

Ang kuwintas at pulseras na gawa sa mga lumang papel ay maaaring pagkakitaan at maging pangkabuhayan. Maari ito ay galing sa mga patapong bagay gaya ng lumang papel, basyo ng soft drinks, mga lumang damit at iba pa. Kumikita ka na, nakatulong ka pa sa kalikasan.

Subukan nating gumawa ng kuwintas at pulseras mula sa mga lumang papel at mga lumang magasin.

Ang mga paper beads ay likhang sining na ginagamitan ng mga pinupulupot na papel na may iba't ibang hugis at kulay.

Mga Kagamitan sa Paggawa ng Pulseras


1. makulay na papel o lumang magasin
2. gunting / cutter
3. ruler
4. pandikit
5. *barbeque stick*
6. varnish
7. *protective mask*
8. *nylon*

Paalala:


Mag-ingat sa paggamit ng gunting o cutter upang maiwasan ang sakuna.

Mga Hakbang sa Paggawa

1. Kumuha ng lumang magasin.
2. Kumuha ng isang pahina at sukatin ang kaliwang bahagi ng papel pababa na may tigdalawang sentimetro ang pagitan ng bawat sukat.




3. Sukatin din ang kanang bahagi ng papel na ang unang sukat ay isang sentimetro lamang at tigdalawang sentimetro ang lahat na sumusunod na sukat.





4. Linyahan ang bawat sukat o marka.


- Gupitin ang mga hugis tatsulok mula sa nilinyahan mong makulay na papel o magasin.



- Lagyan ng glue o pandikit ang magkabilang dulo ng tatsulok.
- Ipulupot ang papel sa barbecue stick. Panatilihin ang tatsulok sa gitna na habang ipinupulupot.
- Higpitan ang pagpulupot sa papel kung nais na maging matibay ang beads.
- Kapag tapos ng ipulupot, pahiran ng pandikit ang kabilang dulo ng tatsulok.
- Lagyan ng varnish upang kumintab at hayaang matuyo. Siguraduhing magsuot ng protective mask upang hindi malanghap ang varnish.
- Pagkatapos ay tuhugin ang mga beads na nagawa gamit ang nylon hanggang sa mabuo ang haba na angkop para sa isang kuwentas o pulseras.

Halimbawa ng iba't-ibang pamamaraan/techniques ng pag gupit ng mga papel sa paggawa ng paper beads:





Pagyamanin

Gawain 1.

Panuto: Pag-aralang mabuti ang mga hakbang na nasa loob ng kahon. Pagsunod-sunurin ang mga wastong hakbang sa paggawa ng paper beads. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

- Ipulupot ang papel sa barbeque stick.
- Panatilihin ang tatsulok sa gitna na habang ipinupulupot.
- Higpitan ang pagpulupot sa papel kung nais na maging matibay ang beads.
- Kapag tapos ng ipulupot, pahiran ng pandikit ang kabilang dulo ng tatsulok.
- Lagyan ng varnish upang kumintab at hayaang matuyo. Siguraduhing magsuot ng protective mask upang hindi malanghap ang varnish.
- Pagkatapos ay tuhugin ang mga beads na nagawa gamit ang nylon hanggang sa mabuo ang haba na angkop para sa isang kuwenta o pulseras.
- Linyahan ang bawat sukat o marka.
- Gupitin ang mga hugis tatsulok mula sa nilinyahan mong makulay na papel o magasin.
- Lagyan ng glue o pandikit ang magkabilang dulo ng tatsulok.
- Kumuha ng lumang magasin.
- Sukatin din ang kanang bahagi ng papel na ang unang sukat ay isang sentimetro lamang at tigdalawang sentimetro ang lahat na sumusunod na sukat.

1. _____

2. _____

3. _____

4. _____

5. _____

6. _____

7. _____

8. _____


9. _____

10. _____


Gawain 2.

Panuto: Pumili ng isang katutubong disenyo na maaaring gamiting inspirasyon sa pagsasaayos ng mga kulay at hugis ng isang paper bead na kuwintas at pulseras.

Ipakita ito sa pamamagitan ng pagguhit at pagkulay sa loob ng kahon gamit ang isang *short bondpaper*.



Kuwintas



Pulseras

Halimbawa:

T'nalak ng T'boli, ito ay may pattern na kulay dark brown, maroon at puti.



Isaisip

Ang natutuhan ko sa araling ito ay _____



Isagawa

Panuto: Gumawa ng sarili mong disenyo ng pulseras yari sa paper beads at mobile art gamit ang mga recycled materials alinsunod sa iyong natutuhan. Sumangguni sa sumusunod na rubrik para sa kaukulang puntos.

Rubrik

Mga Sukatan	Nakasunod sa pamantayan nang higit sa inaasahan	Nakasunod sa pamantayan subalit may ilang pagkukulang	Hindi nakasunod sa pamantayan
	5	3	2
1. Nakagawa ako ng disenyo ayon sa pinag-aralan			
2. Naipakita ko ang pagkamalikhain sa paggawa ng likhang-sining			
3. Naisagawa ko nang buong husay at malinis ang ginawang mga paper beads			
4. Naibabahagi ko ang sariling likha sa kapangkat			



Tayahin

Panuto: Pagsunod-sunurin ang mga hakbang sa paggawa ng paper beads. Lagyan ng bilang 1-11 ang patlang. Kopyahin ito sa sagutang papel.

- ___ Lagyan ng glue o pandikit ang magkabilang dulo ng tatsulok.
- ___ Gupitin ang mga hugis tatsulok mula sa nilinyahan mong makulay na papel o magasin.
- ___ Linyahan ang bawat sukat o marka
- ___ Sukatin din ang kanang bahagi ng papel na ang unang sukat ay isang sentimetro lamang at tigdalawang sentimetro ang lahat na sumusunod na sukat.
- ___ Kumuha ng isang pahina at sukatin ang kaliwang bahagi ng papel pababa na may tigdalawang sentimetro ang pagitan ng bawat sukat.
- ___ Kumuha ng lumang magasin.
- ___ Pagkatapos ay tuhugin ang mga beads na nagawa gamit ang nylon hanggang sa mabuo ang haba na angkop para sa isang kuwentas o pulseras.
- ___ Lagyan ng varnish upang kumintab at hayaang matuyo. Siguraduhing magsuot ng protective mask upang hindi malanghap ang varnish.
- ___ Kapag tapos ng ipulupot, pahiran ng pandikit ang kabilang dulo ng tatsulok.
- ___ Higpitan ang pagpulupot sa papel kung nais na maging matibay ang beads.
- ___ Ipulupot ang papel sa barbeque stick. Panatilihin ang tatsulok sa gitna na habang ipinupulupot.



Karagdagang Gawain

Panuto: Gumawa pa ng ibang disenyo ng mga pulseras at kuwintas, maaaring kunan ng larawan ang mga produktong nagawa at ipost sa iba't ibang *site* sa *social media* habang nanghihikayat sa mga kapwa mong mag-aaral. Bigyang-diin na maaari itong pagkakitaan kung ibebenta ang mga nalikhang obra. Siguraduhin na makikita ng iyong guro ang “post” mo sa social media.

Rubrik para sa Isagawa

Mga Sukatan	Nakasunod sa pamantayan nang higit sa inaasahan	Nakasunod sa pamantayan subalit may ilang pagkukulang	Hindi nakasunod sa pamantayan
	5	3	2
1. Nakagawa ako ng disenyo ayon sa pinag-aralan			
2. Naipakita ko ang pagkamalikhain sa paggawa ng likhang-sining			
3. Naisagawa ko nang buong husay at malinis ang ginawang mga paper beads			
4. Naibabahagi ko ang sariling likha sa kapangkat			



Susi sa Pagwawasto

SUBUKIN
Paper Crafts, Paper Beads, Recycled, Palamuti, Teknik

BALIKAN
Lesson 5. Kabibe / shells
Lesson 5.1 String, lumanag papel, recycled materials, glue, stick

PAGYAMANIN

Gawain 1

1. Kumuha ng lumanag magasin.
2. Kumuha ng isang pahina at sukatin ang kaliwang bahagi ng papel pababa na may tigdalawang sentimetro ang pagitan ng bawat sukat.
3. Sukatin din ang kanang bahagi ng papel na ang unang sukat ay isang sentimetro lamang at tigdalawang sentimetro ang lahat na sumusunod na sukat.
4. Linyahan ang bawat sukat o marka.
5. Gupitin ang mga hugis tatsulok mula sa nilinyahan mong makulay na papel o magasin.
6. Lagyan ng glue o pandikit ang magkabilang dulo ng tatsulok.
7. Iputiput ang papel sa barbeque stick. Panatilihin ang tatsulok sa gitna na habang ipinuputipot.
8. Higpitan ang pagputipot sa papel kung nais na maging matibay ang beads.
9. Kapag tapos ng ipuiput, pahiran ang kabilang dulo ng tatsulok.
10. Lagyan ng varnish upang kumintab at hayaang matuyo. Siguraduhing magsuot ng protective mask upang hindi malanghap ang varnish.
11. Pagkatapos ay tuhugin ang mga beads na nagawa gamit ang nylon hanggang sa mabuo ang haba na angkop para sa isang kuwentas o pulseras.

Gawain 2
Sumangguni sa Rubrik

Gawain 3
Sumangguni sa Rubrik

Gawain 4
Sumangguni sa Rubrik

ISAISIP
Sumangguni sa Rubrik

Depende sa tugon ng mga bata

ISAGAWA
Sumangguni sa Rubrik

TAYAHIN
Sumangguni sa Rubrik

6
5
4
2
1
11
10
9
8
7

KARAGDAGANG GAWAIN
Sumangguni sa Rubrik

Sanggunian

"How To Make Cone Shaped Paper Beads | I Love Paper Beads".
2021. Ilovepaperbeads.Com. Accessed August 5.
<http://www.ilovepaperbeads.com/blog/make-cone-shaped-paper-beads/>.
No Terms of Use.

n.d. [online] Available at: <<https://www.pxfuel.com/en/free-photo-jdhwt>>
[Accessed 27 July 2021]. Free for commercial use, DMCA.

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph